BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Bramalea Civic Centre ng Lungsod ng Brampton tahanan ng pinakabagong medikal na paaralan ng Ontario, Paaralan ng Medisina ng TMU

BRAMPTON, ON (Enero 27, 2023) – Sa araw na ito, ang Lungsod ng Brampton, Pamahalaan ng Ontario, at Toronto Metropolitan University (TMU) ay inanunsiyo na ang Bramalea Civic Centre ng Lungsod ay magiging tahanan ng bagong Toronto Metropolitan University School of Medicine sa 150 Central Park Drive sa Brampton.

Ang Civic Centre ay maparaang matatagpuan sa loob ng health and life sciences cluster ng Lungsod, at napili para sa pagiging malapit nito sa kapwa Brampton Civic at Peel Memorial Hospitals pati na rin ng pagka-naaakses nito sa transportasyon ng munisipyo, GO transit at mga highway system. Nakatutugon din ang site sa mga hinihingi sa espasyo nito para magtayo ng paaralan ng medisina na mangangailangan ng 250,000 square feet para sa mga silid-aralan, tanggapan, mga pasilidad ng pananaliksik at isang integrated health clinic. Mamumuhunan ang Lungsod ng Brampton ng $20M na pondo para suportahan ang mga renobasyon ng gusali na kailangan para sa programa at operations para sa Paaralan ng Medisina.

Ang Paaralan ng Medisina ng TMU ay nagmamarka sa unang bagong medikal na paaralan sa GTA sa higit sa isandaang taon at gagawin nito ang Brampton na tahanan ng medikal na paaralan na nakasentro sa komunidad na nakatuon sa pagsasali sa lahat, inobasyon at pangunahing pangangalaga.

Ang pagtatatag ng isang medikal na paaralan sa Brampton ay naging mahalagang parte ng nagpapatuloy na trabaho ng Lungsod sa adbokasiya. Noong 2021, bumuto ang Konseho ng Lungsod ng Brampton pabor sa $1 milyon na kaloob sa pagpaplano para makatulong sa Paaralan ng Medisina sa hinaharap ng lungsod, na katumbas ng pondo na pinuhunan ng Lalawigan ng Ontario sa unang bahagi ng taon na iyon. Noong Marso 2022, inanunsiyo ng Pamahalaan ng Ontario ang plano nito na pagpapalawak sa edukasyon ng medikal na paaralan para magtayo ng mas malakas, mas madaling nakakabangon na healthcare system, kabilang ang pagdadagdag ng 80 undergraduate at 95 postgraduate position para sa Paaralan ng Medisina ng TMU University sa Brampton kapag magbubukas ito sa 2025.

Ang kaparehong bisyon para sa Paaralan ng Medisina sa Brampton ay dadagdag sa umiiral na pagtutulungan sa pagitan ng University at ng Lungsod ng Brampton, kabilang ang Rogers Cybersecure Catalyst at ang Brampton Venture Zone.

Para mas malaman pa ang tungkol sa Paaralan ng Medisina, bisitahin ang https://www.torontomu.ca/school-of-medicine/

**Fair Deal for Brampton**

Noong Enero 22, 2020, idineklara ng Lungsod ng Brampton ang emergency sa healthcare at inilunsad ang kampanya nito sa adbokasiya, "Fair Deal for Brampton" – na humingi ng karagdagang pondo mula sa Lalawigan para punan ang puwang sa health care sa Brampton. Ang anunsiyo na ito at ang ekspansyon ng Peel Memorial ay nakakatulong sa pagtugon sa emergency sa healthcare sa Brampton

at magtitiyak na ang susunod na henerasyon ng mga praktisyuner sa healthcare ay local na mapag-train sa lungsod.

**Mga Quote**

"Ang araw na ito ay isang napakahalagang araw para sa Brampton dahil inanunsiyo natin ang makasaysayang araw ng Civic Centre bilang tahanan ng unang medikal na paaralan sa GTA sa loob ng higit sa isang daang taon! Sa pamamagitan ng paglikha ng Paaralan ng Medisina ng Brampton, nagtatayo tayo ng isang healthcare system na nagtataguyod ng lokal na talent at lumilikha ng pang-ekonomiyang paglago sa medikal na sektor. Ang paaralan na ito at ang pangalawang ospital ng Lungsod na itinayo sa Peel Memorial ay makakatulong sa pagtugon sa emergency sa healthcare sa Brampton at nagtitiyak na ang susunod na henerasyon ng mga praktisyuner sa healthcare ay lokal na makapag-train dito mismo sa lungsod. Ito ay isang ganap at kahanga-hangang tagumpay para sa ating Lungsod at gusto kong partikular na pasalamatan sina Konsehal Santos at Konsehal Singh na sa loob ng nakalipas na apat na taon, sa kabila ng pagsalungat, ay hindi sumuko sa pangarap na ito ng karagdagang mga opsyon sa post-secondary para sa ating mga residente."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton bilang napili para sa unang medikal na paaralan sa GTA sa loob ng higit sa isandaang taon ay isang malaking panalo para sa ating komunidad. Bilang isa sa pinakamabibilis na lumalago at isa sa pinakabatang lungsod, ang pagpapalawak sa mga oportunidad at pagtatayo ng isang healthcare system ay mahalagang mga prayoridad para sa ating Konseho at mga residente. Aktibong pinasulong ng staff ng Lungsod ang adbokasiya ng Konseho para ma-secure ang patas at pantay na health care para sa ating mga residente at ang pag-secure ng paaralan ng medisina ng Brampton ay isang malaking milestone sa paglalakbay na ito.”

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Congratulations sa ating mga partner, ang Lungsod ng Brampton at ang Toronto Metropolitan University, sa kasunod na hakbang na ito na magtayo ng unang bagong medikal na paaralan sa Ontario pagkalipas ng mga dekada. Habang gumagawa ang ating pamahalaan ng makasaysayang pamumuhunan para itayo at palawakin ang ating imprastraktura sa health care, ang bagong paaralan ng medisina ng TMU ay makakatulong sa pagtiyak na may mga doktor tayong nakahanda — sa Brampton, sa Rehiyon ng Peel at sa buong lalawigan — upang ang mga Ontarian ay makatatanggap ng de kalidad na pangangalaga na kailangan nila, kailan at saan nila ito kailangan.”

- *The Honourable Doug Ford, Premier ng Ontario*

“Ang makasaysayang pamumuhunan na ito na palawakin ang medical postsecondary education ay mas magpapadali sa mga Ontarian na ma-access ang world class health care sa kanilang mga komunidad mismo sa pamamagitan ng pag-train sa mga doktor at nars sa hinaharap,” sabi ni Sylvia Jones, Deputy Premier at Minister of Health. “Ang pagtitiyak na mas maraming mga manggagawa sa health care ang makaka-access sa eksepsyonal na edukasyon at training ay makakatulong na madagdagan angf access sa mga doktor at iba pang mga propesyonal sa health care sa bawat sulok ng lalawigan.”

- *Sylvia Jones, Deputy Premier at Minister of Health,Pamahalaan ng Ontario*

"Committed tayo sa paglikha ng isang paaralan ng medisina para makatugon sa iba't ibang mga pangangailangan ng Brampton at ng komunidad ng Rehiyon ng Peel at ngayon, sa naka-secure na lokasyon, tayo ay mas malapit nang isang hakbang. Labis akong nagpapasalamat sa ating mga partner, sa Lungsod ng Brampton at sa Lalawigan ng Ontario, para sa kanilang mga pamumuhunan na makakatulong sa atin sa paghahatid ng buhay sa ating magkaisang bisyon para sa mas maliwanag na kinabuksan para sa edukasyong medikal sa rehiyon at sa lalawigan."

- *Mohamed Lachemi, Presidente at Vice-Chancellor, Toronto Metropolitan University*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**MEDIA CONTACT**
City of Brampton Multicultural Media
multiculturalmedia@brampton.ca